# ANG KRITIKAL AT MAPANLIKHANG MGA TUNGKULIN NG KILUSANG PAGWAWASTO SA PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

Talumpati ni Jose Maria Sison
Pangulong Tagapagtatag,
Partido Komunista ng Pilipinas

(Binigkas sa porum ukol sa "25 Taon ng Partido Komunista ng Pilipinas: Ebalwasyon, Pagwawasto at Ibayong Pagsulong" na ginanap noong Disyembre 19, 1993 sa Cunera Hall, Utrecht, The Netherlands.)

Mga kasama at kaibigan,

Noong Disyembre 26, 1968, dalawampu't limang taon na ang nakararaan, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay muling itinatag sa ilalim ng teoretikal na gabay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.  Mula noon, nagkamit ito ng mga dakilang tagumpay sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa pamamagitan ng integrasyon ng rebolusyonaryong teorya ng proletaryado sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino.  Sa buong kasaysayan ng mamamayang Pilipino, tumayo ang Partido bilang pinakamatatag na pwersang rebolusyonaryo, na malalim na nakaugat sa masang anakpawis, at pinakamaunlad  sa pambansang antas.

Bilang isa sa mga tagapagtatag ng Partido, lubos akong nagagalak dahil pinatunayan nito ang kanyang pagiging pinakasulong na destakamento ng uring manggagawa at pagiging namumunong pwersa ng buong mamamayang Pilipino sa kanilang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa dayuhang monopolyo kapitalismo, lokal na pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ang dakilang mga tagumpay ng Partido ay di makakamit kung wala ang puspusang paggawa, pakikibaka at pagsasakripisyo ng mga kadre at kasapi ng Partido at ng lahat ng mamamayang sumama at sumuporta sa kanila  sa proseso ng rebolusyonaryong pakikibaka. Pinakamalaki ang utang natin sa mga rebolusyonaryong martir. Sa gitna ng ganitong pagdiriwang, mag-alay tayo ng ilang sandali upang pag-ukulan sila ng ating pinakamataas at pinakamalalim na paggalang.

Ipinagdiriwang natin ngayon di lamang ang natipong tagumpay ng Partido sa pangkalahatan, kundi sa partikular, ang umaalingawngaw na tagumpay ng kasalukuyang kilusang pagwawasto sa loob ng Partido. Iniaalay namin ang lahat ng tagumpay na ito sa alaala ni Kasamang Mao Zedong, ang dakilang Komunistang palaisip, lider at mandirigma na ang ang ika-100 anibersaryo ng kapanganakan ay kasabay ng ika-25 anibersaryo ng Partido.

Inihahapag kong talakayin sa inyo ngayong araw ang  kritikal at mapanlikhang mga tungkulin ng kilusang pagwawasto. Ito ay naaayon sa tema ng pulong pagdiriwang na ito, at syempre pa, dahil kapwa natin kinikilala na ang kilusang pagwawasto ay napakahalaga sa Partido at sa buong rebolusyonaryong kilusan sa Inang Bayan.

## Ang Istorikal at Kasalukuyang Konteksto ng Kilusang Pagwawasto

Una, hayaan ninyong ilahad ko ang istorikal at kasalukuyang konstekstong nagluwal at nagpasulong sa kilusang pagwawasto. Magiging makaisang-panig tayo kung ang ipagdiriwang lamang natin ay ang mga dakilang tagumpay laban sa lantad na kaaway at kakaligtaang isaalang-alang ang mga pagkakamali at pagkukulang na nakapagpamenos sa mga tagumpay at naging sanhi pa nga ng malaking pag-atras, lalo na sa panahon mula 1984 hanggang 1987.

Ang mahalaga ay iwasto ang mga pagkakamali at pagkukulang na ito upang pagkaisahin ang Partido at mamamayan sa wastong rebolusyonaryong linya at ibayong itaas ang kanilang diwang mapanlaban at kakayahan laban sa kaaway, ang pangkating US-Ramos. Kinakatawan ng pangkating ito sa kasalukuyan ang naghaharing sistema ng malaking kumprador burgesya at uring panginoong maylupa, na mga mapagsamantalang uring nagsisilbi sa interes ng dayuhang monopolyo kapitalista.

Ang kilusang pagwawasto ay isang mahalagang pamamaraan para palakasin ang isang rebolusyonaryong partido at para bakahin at mapangibabawan ang mga pagkakamali at kakulangang nakakapagpahina dito laluna iyong mayor ang katangian na may ilang panahon nang natipon. Kung hindi dahil sa unang dakilang kilusang pagwawasto na kasabay ng muling pagkakatatag ng Partido, hindi sana nakapaglatag ng solidong pundasyon ang Partido at hindi rin sana ito matagumpay na umunlad. Mapapansin natin na ang kasalukuyang ikalawang dakilang  kilusang pagwawasto ay may napakainam nang mga bunga.

Tulad ng nalalaman ninyo, lumakas ang Partido at sumulong ito taun-taon mula nang muling pagkakatatag nito noong 1968 hanggang 1984, at  nagrehistro ng pinakamabilis na pag-unlad mula 1981 hanggang 1984. Subalit noong 1985, nagkaroon ng matarik na pagdausdos sa tantos ng paglaki. Tumungo ito sa tuluyang pag-atras sa maraming  aspeto, lalo na sa laki at lawak ng baseng masa hanggang 1989 (dahil sa taong ito nagsimulang gumawa ng mga epektibong hakbang ang mga proletaryong rebolusyonaryo upang pigilin ang mabilis na pag-atras na ito, at nagsagawa ng baha-bahaging pagwawasto at pag-aangkop ayon sa mga prinsipyo at pamamaraang inilinaw noon pang 1988 sa isang pagbabalik-aral sa kasaysayan ng Partido). Noong 1990, ang maling linya ng "istratehikong kontra-opensiba" at "regularisasyon" ay pinuna at iniatras.

Sa kabila ng mga di maitatatwang pag-atras mula 1984, di hamak na ilang ulit pang mas malaki ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusan kung ikukumpara sa maliit at hamak pang mga proporsyon nito noong 1968. Nagsimula ang Partido nang may ilampung kasaping nakapag-aral ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at may ilang libong masang tagatangkilik na naorganisa mula dekada '60 na ang kalakhan ay luwal ng ligal na kilusang demokratiko. Ngayon, ang Partido ay may ilampung libong kasapi at pinamumunuan nito ang Bagong Hukbong Bayan na may ilang libong Pulang mandirigma; ilang milyong baseng masa sa ilalim ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at nasa mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, kabataan, kababaihan, propesyunal at iba pang mamamayan.

Ang pinakamainam na bagay sa kasalukuyang kalagayan ng Partido ay ang paglulunsad simula noong isang taon ng isang komprehensibo at lahatang-panig na kilusang pagwawasto. Ito ay masugid na ipinatutupad ng lahat ng 17 organisasyong panrehiyon ng Partido. Ang buong hanay ng Partido ay masigabong lumalahok sa kilusang pagwawasto, na ang totoo ay iginigiit na ng parami nang paraming kasapi mula ng unang bahagi ng dekada '80, bilang pagtutol sa mga oportunista. Sa bawat antas, ang mga organo at organisasyon ng Partido ay naglalagom ng rebolusyonaryong karanasan, nagsasagawa ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili at nagpapatupad ng mga rebolusyonaryong gawain ayon sa mga dokumento ng rektipikasyon at iba pang kapasyahan ng ika-10 plenum ng Komite Sentral.

Ang mga kadre at kasapi ng Partido ay tapat sa Saligang Batas at Programa ng Partido, sa Partido at Komite Sentral nito, at sumusuporta sa kilusang pagwawasto. Sila'y nakakapagrekluta ng di hamak na mas maraming bagong kasapi ng Partido mula sa rebolusyonaryong kilusang masa kung ikukumpara sa kakarampot na mga elementong pansamantala o tuluyan nang iniligaw ng matagal na at kasalukuyang bugso ng mga paninirang-puri at intrigang ikinakalat ng mga oportunista.

Walang nawala, bagkus, malaki ang benepisyong idinulot sa Partido ng pag-alis ng mga oportunista at huwad na mga komunista. Mas malaki ang naging pinsala sa Partido bunga ng pananatili sa loob ng Partido ng mga di-nagwawasto at pinakamasasahol na mga oportunista, na nakapagsagawa ng kanilang mga pinakamapaminsalang pagkakamali at mga krimen at nakapagpalaganap ng kabulukan, kaysa sa kanilang desperado at walang saysay na mga pag-atake sa proseso ng kanilang pag-alis sa Partido kamakailan.  Ang pagtitiwalag sa mga oportunistang ito ay nakabuti sa Partido at sa rebolusyonaryong kilusan.

Matibay ang pagkakaisa ng Partido at matatag na pinamumunuan ito ng Komite Sentral at ng Politburo at Komiteng Tagapagpaganap nito. Walang pagkakahati o maramihang purgahang nagaganap sa Partido. Sa halos dalawang taon na pag-iral ng kilusang pagwawasto, mula maagang bahagi ng 1992 hanggang dulo ng 1993, iisang sentrong organong istap ang nireorganisa at may isa pang istap na binuwag. Tatlo sa 17 komiteng panrehiyon ng Partido ay nireorganisa bilang pang-organisasyong hakbang laban sa mga aktibidad na isplitista at likidasyunista.

Ang mga "Kaliwang" oportunistang tagapagtaguyod ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar at ang mga Kanang oportunistang tagapagtaguyod ng likidasyunismo, repormismo at kapitulasyunismo ay kakarampot lamang. Sa saligan, sila ay nagapi noong kalagitnaan ng 1991 sa pamamagitan ng proseso ng demokratikong sentralismo sa Partido. Ngunit sa huling bahagi ng 1991, nagsimula silang mag-ingay sa labas ng Partido sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga tsismis at mga artikulo ng paninirang-puri laban sa Partido at sa sentral na pamunuan nito. Tinangka nila, ngunit sila'y nabigo, na pigilin ang kilusang pagwawasto sa pamamagitan ng pagbabantang hahatiin ang Partido at pananakot na magkakaroon ng maramihang purgahang mas masahol pa raw sa Kampanyang Ahos, kung saan ang ilang punong oportunista ay may kriminal na pananagutan noong 1985-86 sa Mindanao.

Hindi sinasadyang tinulungan nila ang kilusang pagwawasto sa ginawa nilang paglabas sa Partido at pag-atake dito sa harap ng publiko, sa pamamagitan ng mga anti-komunistang islogan, at naglantad sa kanilang sarili bilang kontra-rebolusyonaryong makakanan sa pamamagitan ng

kanilang lantad na pagtawid sa panig ng pangkating US-Ramos, lantad na pakikipagsabwatan sa mga ahensyang paniktik at psywar ng rehimen, pati na sa mga bulok na lider obrero, mga rebisyunistang taksil na Lava, ilang burukrata ng NGO na pinopondohan ng mga dayuhan, mga burgis na populista, pro-imperyalistang liberal, mga Christian Democrats at mga Trotskyista.

Ang mga kontra-rebolusyonaryong makakanan ay nakikiangkas sa opensibang ideolohikal at pulitikal ng mga imperyalista. Ang paborito nilang anti-komunistang linya ay ang sisihin si Kasamang Stalin sa anti-Stalin na katangian ng makabagong rebisyonismo na umuk-ok at sa kalauna'y nagpaguho sa mga ipinundar at ipinagtanggol ni Stalin. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga anti-Stalin na islogan, ang mga kontra-rebolusyonaryong makakanan ay demagohikong nagpapanggap na kampeon ng demokrasya sa burgis na midya. Subalit sa kanilang hanay ay matatagpuan ang mga punong kriminal sa madugong witchhunt tulad ng Kampanyang Ahos na yumurak sa mga batayang karapatan ng mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma at alyado at pumaslang sa daan-daan sa kanila sa batayan ng simpleng paghihinalang sila'y mga deep penetration agents.

Sa alinmang rebolusyonaryong partido ng proletaryado, sa bawat partikular na panahon, ay nasasalamin, kahit papaano at hanggang sa isang antas, ang mga kontradiksyon sa lipunang kinaiiralan nito. Ang batas ng di pantay na pag-unlad ay umiiral sa Partido sa kabuuan at sa mga bahagi nito. May palagiang suliranin ng pagpapanibagong-hubog sa mga kasapi ng Partidong galing sa petiburgesyang lunsod at sa kasalukuyan ay may petiburgis na estilo ng pamumuhay. Sa isang partido komunista, palaging may batayan ang pag-usbong ng suhetibismo at oportunismo. Kaya, kahit sa pinakamahusay na tayo nito, palagian ding umiiral ang tunggalian ng dalawang linya sa pagitan ng mga proletaryong rebolusyonaryo at mga elementong nagdadala ng burgis na impluwensya sa loob ng partido.

Mula 1968 hanggang 1977, ang mga indibidwal na mulat o di-mulat na nagdala at nagtulak ng burgis na impluwensya ay ispontanyo at kalat-kalat sa pangkalahatan. Ang mga mayor na pagkakamali at pagkukulang ay maagap na pinupuna. Ngunit simula noong 1978, mayroong ilang indibidwal sa mga sentral na namumuno at istap na organo na sistematikong nagpalaganap ng eklektisismo sa ideolohiya at tumutol sa Marxista-Leninistang pagsusuri ng lipunang Pilipino. Sa bunsod ng petiburgis na kapusukan at sa mabilis na paglaki ng rebolusyonaryong kilusan bunga ng pagpapatupad sa linyang itinakda ng Ang Ating Mahigpit na Tungkulin, naghanap sila ng rason para sa pag-igpaw ng armadong pakikibaka mula maagang subyugto tungo sa abanteng subyugto ng istratehikong depensiba nang hindi ipinatutupad ang mga komprehensibong rekisitos ng digmang bayan. Ang iba pang di nagpanibagong-hubog na populista at Christian Democrats na nakapuslit sa loob ng Partido ay naghanap ng rason para likidahin ang Partido o ipailalim ito sa mga burgis na pulitikong tutol sa rehimeng US-Marcos at paatrasin patungong repormismong burgis.

Mula 1980, ilang matataas na opisyal ng Partido ang nagsimula ng sistematikong paghahasik ng linyang taliwas, nanguuk-ok at humahadlang sa wastong linya at proseso ng pagpapaunlad sa rebolusyonaryong kilusan. Sa pangunahin, naghugis-"Kaliwa" ang oportunismo sa linyang "istratehikong kontra-opensiba" at "regularisasyon" noong 1980 at sa kalaunan, sa linya ng pagkukumbina sa adbenturismong militar at

insureksyunismong lunsod noong 1982. Pumapangalawa rito, lantarang naghugis-kanan ang oportunismo noong 1980 sa linyang paglilikida sa Partido at pagpapalit dito ng "Bagong Katipunan", isang pormal na organisasyong nagkakaisang prente, bilang sentro ng rebolusyon, .

Kahit na sumanib rito ang maling linya, patuloy na gumabay ang wastong linya sa karamihan ng mga kadre at kasapi ng Partido, na nagbunga naman ng mabilis na paglaki ng rebolusyonaryong pwersa mula 1981 hanggang 1984, laluna dahil sa mabilis na paglala ng krisis ng naghaharing sistema. Ang mga saligan at mayor na dokumento ng Partido tulad ng Gabay para sa mga Kadre at Kasapi ng Partido (1968), Lipunan at Rebolusyong Pilipino (1970), Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan (1974) at ang Mahigpit Nating Tungkulin (1976) ang nagguhit ng wastong linyang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon at nakahadlang sa paglukob nang tuluyan sa Partido ng maling mga linya.

Ang pinakamapangwasak na epekto  ng maling linya ng pagkukumbina sa adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod ay makikita sa Mindanao kung saan naging napakatingkad ang grabeng pag-atras ng mga adelantado at mabilisang binuong mga kumpanya ng hukbong bayan noong 1984 at ang umiral na isteryang anti-impormer na humantong sa Kampanyang Ahos noong 1985-86. Ang maling linya at mga resulta nito (kabilang ang madugong witchhunt na tinawag na Kampanyang Ahos) ay hindi wastong nasuri, napuna at naitakwil. Sa halip, mas masigasig pang itinulak ang maling linya sa pambansang saklaw. Mula 1985, lumakas ang militarismo nang magsimulang humiwalay ang "Pangkalahatang Kumand" ng BHB sa absolutong pamumuno ng Partido at nanguna sa pagtutulak ng "istratehikong kontra-opensiba" at "regularisasyon" sa pamamagitan ng isang serye ng mga kumperensyang militar.

Ang mga dakilang tagumpay at mabilis na paglaki ng rebolusyonaryong kilusan mula 1981 hanggang 1984 ay hindi kailanman dahil sa maling linya kundi bunga ng solidong pundasyong inilatag ng Partido nang muli itong itatag noong 1968 na patuloy na ipinatupad ng mga proletaryong rebolusyonaryo at dahil sa mabilis na paglubha ng tuluy-tuloy na krisis ng naghaharing sistema. Samakatwid, sa kabila ng paghasik ng maling linya mula 1980 hanggang 1989, ang mga proletaryong rebolusyonaryo ay nagkaroon ng matatag na batayan para maggiit, sa tulong ng suporta ng mamamayan, laban sa maling linya, pigilin ang pagdausdos ng rebolusyonaryong lakas at ipatupad ang ikalawang dakilang kilusang pagwawasto.

Kung may nais pa kayong malaman tungkol sa kilusang pagwawasto, iminumungkahi kong basahin ninyo ang mga isyu ng Rebolusyon na nagtataglay ng "Muling Pagtibayin ang Ating Batayang Prinsipyo at Iwasto ang Pagkakamali";  "Pangkalahatang Balik-aral sa Mahahalagang Pangyayari at Pasya, 1980-1991"; ang mga pahayag sa anibersaryo ng Partido mula 1988 hanggang 1993; at ang mga dokumento ng pagwawasto na ginawa ng mga namumunong organo sa iba't ibang antas bago at matapos ang ika-10 plenum ng Komite Sentral.

## Ang Kritikal at Mapanlikhang mga Tungkulin ng Kilusang Pagwawasto

Hayaan ninyong ilinaw ko sa inyo ang kongkretong kritikal at

mapanlikhang pakahulugan ng kilusang pagwawasto. Sa paglilinaw na ito, ako'y pinapatnubayan ng sampung-puntong gabay ng kilusang pagwawasto.

1. Itaguyod ang teorya at praktika ng Marxismo- Leninismo-Kaisipang Mao Zedong!

Ang kilusang pagwawasto, una sa lahat ay kilusan sa teoretikal na pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Binibigyang-diin nito ang pagsasanib ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong sa kongkretong rebolusyonaryong praktika. Isinusulong nito ang pag-aaral at pagsasapraktika ng mga batayang prinsipyong Marxista-Leninista at itinataas sa antas ng Marxista-Leninistang teorya ang mayamang rebolusyonaryong karanasan ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng rebolusyonaryong kilusang masa. Nilalayon nitong paunlarin ang Marxista-Leninistang paninindigan, pananaw at pamamaraan ng mga proletaryong rebolusyonaryo. Dapat matutong panghawakan ng mga kadre at kasapi ng Partido ang batas ng kontradiksyon at magamit itong mabuti sa pagsusuri sa mga uri at rebolusyonaryong pakikibaka.

Pinupuna at binabaka ng kilusang pagwawasto, ang suhetibismong nagbigay daan sa "Kaliwa" at Kanang oportunistang pagkakamali na lumikha ng malaking pinsala sa Partido at rebolusyonaryong kilusan. Itinatakwil nito ang eklektisismo, empirisismo at dogmatismo na tumagos sa Partido sa lubhang matagal na panahon. Binabaka nito ang pagmamaliit sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at sa rebolusyong Pilipino, ang paglihis sa anti-rebisyonistang linya sa pamamagitan ng pagtataguyod sa rebisyonismong Brezhnev at Gorbachov, ang pagmamaliit sa dalawang-yugtong rebolusyong Pilipino sa pamamagitan ng bulag na pagsamba sa mga kilusang walang proletaryong rebolusyonaryong pamumuno, at ang di matapat na praktika ng wala-sa-kontekstong pagsipi sa dakilang Lenin upang atakihin ang linya ng Partido.

Itinuturo ng kilusang pagwawasto na ang teoretikal na edukasyon sa loob ng Partido ay kinakailangan at ang pampulitikang edukasyon sa pambansang demokratikong rebolusyon ay di nakasasapat. Layon nitong muling pasiglahin, pahusayin at palaganapin ang tatlong antas ng edukasyong pampartido: batayan, intermedya at abante. Saklaw ng mga materyales sa pag-aaral kapwa ang mga akda ng mga dakilang komunistang lider at guro at ang pinakamahahalagang dokumento ng Partido na nagsusulong ng wastong rebolusyonaryong linya. Bago pa man sa pormal na kurso ng pag-aaral, pararamihin at ipamamahagi na ang mga materyales upang mabasa at mapag-aralan. Lahat ng mga yunit at organo ng Partido ay hinihimok na magsagawa ng panlipunang pagsisiyasat, mga paglalagom, pamumuna-at-pagpuna sa sarili at paglilinaw ng mga tungkulin ayon sa Marxista-Leninistang linya.

2. Tuluy-tuloy na magpunyagi sa anti-rebisyonistang linya!

Krusyal ang kahalagahan ng tuluy-tuloy na pagpupunyagi sa anti-rebisyonistang linya. Kahit basang-basa na ang papel ng modernong rebisyonismo bunga ng pagbagsak ng Unyong Sobyet at ng rebisyonistang partidong Sobyet at ng nakaraang pagkalansag ng mga namumunong Partido at rehimen sa ilang bansa at ng patuloy na pagkakabulok ng mga nasa iba pang bansa, ang mga tagapamandila ng modernong rebisyonismo, neo-rebisyonismo at sosyal demokrasya ay patuloy na nagsisikap na magpalawak ng impluwensya sa pamamagitan ng pakikipagkorus sa mga imperyalista at kanilang mga alagad na antikomunistang petiburges sa

isang pang-ideolohiya at pampulitikang opensibang mapanlinlang na nagtataguri sa mahigit tatlong dekada ng modernong rebisyonismo bilang "depektibong sosyalismo" o "Stalinismo".

Pinupuna at itinatakwil ng kilusang pagwawasto ang lahat ng paglihis sa anti-rebisyonistang linya. Ang unang mayor na paglihis ay nagsimula noong maaagang bahagi ng dekadang 1980. Nilaman nito ang suhetibistang pag-aakala na ang Unyong Sobyet at kanyang mga alyado ay magbibigay ng ayudang militar at pinansyal upang mapabilis ang tagumpay ng rebolusyong Pilipino. Ang oportunismong ito ay may anyong "Kaliwa" ngunit sa nilalaman, ito'y Kanan. Nagbigay daan ito sa pagbabago ng pananaw ng Partido sa Partido Komunista ng Unyong Sobyet at iba pang kahalintulad na partido bilang di na umano rebisyonista, sa Unyong Sobyet, bilang di na umano sosyal imperyalista, at sa mga satelayt nito, bilang di na umano mga neo-kolonya ng sosyal imperyalistang Sobyet. Ang ikalawang mayor na paglihis ay nakaapekto sa ilang susing kadre noong huling bahagi ng dekadang 1980. Itinaguyod at ikinalat nila ang rebisyonismong Gorbachov sa ilang bahagi ng Partido. Sa kalaunan, ang pinakamalala sa mga oportunistang ito, tulad ni Gorbachov ay magiging mga garapal na anti-komunista na gumagamit ng anti-Stalinistang mga slogan upang atakihin ang Partido.

Sa kilusang edukasyon sa Marxismo-Leninismo, ang mga pag-aaral ay maglalaman ng pagsusuri ng modernong rebisyonismo at mga akda ni Mao Zedong sa teorya at praktika ng patuloy na pagrerebolusyon sa ilalim ng proletaryong pamumuno upang makonsolida ang sosyalismo, mabaka ang modernong rebisyonismo at masagkaan ang panunumbalik ng kapitalismo. Isinusulong ng Partido ang kanyang komprehensibong paninindigan para sa sosyalismo, laban sa modernong rebisyonismo at taglay ang maaliwalas na hinaharap ng sosyalismo at komunismo laban sa monopolyo kapitalismo.

3. Kumprontahin ang malapyudal at malakolonyal na katangian ng lipunang Pilipino!

Ang pananatili ng malapyudal at malakolonyal na katangian ng lipunang Pilipino ay napakalinaw. Ito'y isang lipunang pinaghaharian ng malaking kumprador burgesya at ng uring panginoong maylupa sa serbisyo ng dayuhang monopolyo kapitalismo. Ang ekonomya nito ay agraryo at walang mga batayang industriya. Ang kanyang manupakturang umaasa-sa-import at may mababang dagdag na halaga para sa lokal na konsumo o kaya'y re-eksport ay matamlay at papabagsak.

Itinatakwil at iwinawasto ng kilusang pagwawasto ang linyang itinutulak ng mga "Kaliwa" at Kanang oportunista mula huling bahagi ng dekadang1970. Binibigyang kredito nila ang rehimeng US, IMF-World Bank at mga dayuhang multinasyunal, sa anila'y industriyalisasyon at urbanisasyon ng Pilipinas, hanggang sa punto, ayon sa mga oportunista, na ang teorya at istratehikong linya ng matagalang digmang bayan ay lipas na at nangangailangan na ng pagpipino, pag-aangkop at pagbabago. Ang maling paglalarawan sa lipunang Pilipino ang naglatag ng batayan sa "Kaliwang"oportunistang linya ng "SCO" at "regularisasyon" na nagkombina ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar; gayundin, ng Kanang oportunistang linya ng repormismong nakasalalay sa lunsod. Ngayon, inilantad na ng dalawang tipo ng oportunista ang kanilang sarili bilang makakanang kontrarebolusyonaryo, na nagtataguyod ng iskema ng rehimeng US-Ramos na supilin ang rebolusyonaryong kilusan at gawing "newly industrializing country" (bagong nag-iindustriyalisangbansa) ang

Pilipinas bago ang taong 2000. Napakalinaw ngayon na di ginawang industriyalisado ng rehimeng US-Marcos ang Pilipinas, kayat ngayon nama'y pumupusta ang mga oportunista sa rehimeng US-Ramos upang makamit ang industriyalisasyon.

Napakahalagang wastong mailarawan ang katangian ng lipunang Pilipino dahil inilalatag nito ang batayan ng tumpak na pangkalahatang linya ng rebolusyonaryong kilusan. Ang patuloy na krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan tulad ng Pilipinas ay nangangailangan ng istratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Itinataguyod ng kilusang pagwawasto ang pag-aaral sa patuloy na pagsusuring panlipunan na ginawa ng Partido noong 1968-1970, na ipinagpatuloy hanggang 1982 at sa kasalukuyan, na tuwirang tumutunggali sa mga huwad na pahayag ng mga tagalako ng "official development theory" (teorya ng upisyal na pagpapaunlad), dependyenteng kapitalismo, rebisyonismo, at iba pa.

4. Ipatupad ang pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon!

Layon ng pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon na makumpleto ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Ito ay bago dahil ito ay pinamumunuan ng proletaryado at hindi ng burgesya. Ito ang unang yugto ng rebolusyong Pilipino na tutungo sa susunod na yugto ng rebolusyong sosyalista. Ang mga rebolusyonaryong pwersang magsasakatuparan ng unang yugto ang parehong pwersang magpapasimula ng ikalawang yugto sa ilalim ng pamumuno ng uring manggagawa.

Pinupuna at itinatakwil ng kilusang pagwawasto ang oportunistang linyang nagpapailalim ng proletaryado sa burgesya. Sinisikap ng mga oportunistang pahinain ang makauring pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng paggamit ng mga argumentong petiburges upang mapanatili at mapalaki ang interes ng malaking burgesya at uring panginoong maylupa. Pinalawig at pinalabnaw nila ang pambansa demokratikong programa at itinulak ang ideya ng pagtatayo ng isang diumano'y pambansa-demokratikong estado at pambansa-demokratikong ekonomya pagkatapos maagaw ng mga rebolusyonaryong pwersa ang kapangyarihang pampulitika.

Ang rebolusyonaryong linyang makauri ng Partido ay: panghawakan ang makauring pamumuno ng proletaryado, umasa pangunahin sa alyansa ng manggagawa-magsasaka, hikayatin sa ating panig ang petiburgesyang lunsod upang maging batayang pwersa ng rebolusyon, hikayatin din sa ating panig ang panggitnang burgesya upang maging positibong pwersa ng rebolusyon at gamitin ang mga kontradiksyon sa hanay ng malaking burgesya at reaksyunaryong panginoong maylupa upang maihiwalay at madurog ang kapangyarihan ng pinakareaksyunaryong paksyon sa anumang takdang panahon. Sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, nakukumpleto na sa saligan ang bagong demokratikong rebolusyon at masisimulan na ang rebolusyong sosyalista.

5. Itayo ang Partido bilang talibang pwersa ng proletaryado at ng mamamayan!

Sa panahon ng modernong imperyalismo at proletaryong rebolusyon, ang uring manggagawa ay walang dudang pinakaproduktibo at

pinakaprogresibong pwersa sa Pilipinas at sa mundo. Batay sa obhetibong kalagayan at matagal na karanasan sa rebolusyonaryong pakikibaka, ito ang uring itinatakdang mamuno sa bagong demokratiko at sosyalistang yugto ng rebolusyong Pilipino. Ang abanteng destakamento ng proletaryado ay ang Partido Komunista ng Pilipinas. Ito ang namumunong pwersa kapwa ng proletaryado at buong mamamayang Pilipino sa bagong demokratikong rebolusyon sa konteksto ng proletaryo-sosyalistang rebolusyon at di ng pandaigdig na burges kapitalistang rebolusyon.

Lubusang itinatakwil ng kilusang pagwawasto ang pag-iisip na ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo ay maipagwawagi nang wala ang makauring pamumuno ng proletaryado. Ang ganitong pag-iisip ay taliwas sa kasaysayan ng petiburgesya sa pagiging sunud-sunuran (kooptasyon), sa dalawahang katangian ng panggitnang burgesya, sa pagiging mahina at kawalan ng batayang industriya, at sa mahigpit na pakikipagsasabwatan ng malalaking burges kumprador at uring panginoong maylupa sa mga imperyalista sa pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayang Pilipino. Taliwas din ito sa kagyat na kasaysayan at kasalukuyang sirkunstansya na nagpapakita na ang pambansa-demokratikong kilusan ay isa nang malakas na pwersa bunga ng subok, napatunayan at patuloy na pamumuno ng uring manggagawa sa pamamagitan ng taliba nitong Partido, ang Partido Komunista ng Pilipinas. Tinutuligsa ng kilusang pagwawasto ang mga oportunistang naging tagapaglako ng burges na pluralismo at antikomunismong Gorbachov, ang mga masugid na tumututol sa talibang papel ng uring manggagawa at mga ispesyal na ahente sa psywar ng burgesya at kasalukuyang naghaharing sistema.

Iginigiit ng kilusang pagwawasto ang prinsipyo ng talibang papel ng proletaryado sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang pagkabulok ng ilang susing kadre ng Partido sa nakaraan, na umabot hanggang sa punto ng pag-atake sa talibang papel ng uring manggagawa, ay nagdidiin sa malubhang kakulangan sa pang-ideolohiya at pampulitikang edukasyon sa loob ng Partido. Nilalayon sa gayon ng kilusang pagwawasto ang lahatang-panig na pagpapalakas sa Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, upang patuloy itong maging abanteng destakamento ng namumunong uri sa rebolusyong Pilipino.

6. Isulong ang matagalang digmang bayan at ilunsad ang malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na paglawak at paglalim ng baseng masa!

Ang teorya at istratehikong linya ng matagalang digmang bayan ay nangangahulugang dapat kubkubin ng hukbong bayan ang mga lunsod mula sa kanayunan at mag-ipon ng lakas sa kanayunan hanggang kaya na nitong agawin ang kapangyarihang pampulitika sa mga lunsod. Ang matagalang digmang bayan ay ang rebolusyonaryong proseso ng pag-agaw ng kapangyarihan ayon sa bagong-demokratikong linya. Ito'y isang rebolusyonaryong pangmasang pagsisikap. Sa proseso ng digmang bayan, binubuo ng Partido ang alyansa ng manggagawa-magsasaka. Ipinatutupad nito ang rebolusyonaryong reporma sa lupa at binubuo ang baseng masa sa anyo ng mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Hindi makapagpepreserba at makapag-iipon ng lakas ang hukbong bayan kung wala itong matibay na pundasyon sa partisipasyon at suporta ng masa na ibinunga ng puspusang gawaing masa at solidong pag-oorganisa. Ang hukbong bayan mismo ay isang armadong organisasyong masa sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido.

Mahigpit na nilalabanan at kinokondena ng kilusang pagwawasto ang "Kaliwang" oportunistang linyang nagkokombina ng adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod. Ito ang nagdulot ng pinakamalalang pinsala sa Partido at sa rebolusyonaryong kilusan sa buong kasaysayan nila. Inilagay nito sa hiwalay at pasibong posisyon ang mga wala-sa-panahong pinalaking mga pormasyong militar at naging sanhi ng lubhang pagliit ng baseng masa at malaking pagbawas ng mga armadong taktikal na opensiba. Ginawa nitong bulnerable ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa istratehikong opensiba at taktikang "gradual constriction" ng kaaway. Tumungo ito sa pagbabase sa lunsod ng "general command" ng hukbong bayan at sa pag-iisip na umasa sa dayuhang suportang militar. Maling iprinesenta nito ang dayuhang ayudang militar bilang krusyal na sangkap, na kung wala ito ay dadausdos o kaya'y magiging tigil ang rebolusyonaryong kilusan. Nagbunga rin ito ng mga kabalbalang tulad ng madudugong "witchhunt" at gangsterismo. Ang mga ayaw magwastong "Kaliwang" oportunista ay nabigo at bumaling di lamang sa Kanang oportunistang posisyon, kundi sa pinakamasahol, sa pagiging kontrarebolusyonaryong ahente ng rehimeng US-Ramos.

Resulta ng kilusang pagwawasto, may panibagong paglalatag ng pwersa ng hukbong bayan. May katamtamang-laking sentro-de-grabidad na binubuo ng humigit-kumulang 30% ng kabuuang bilang ng Pulang mandirigma sa bawat larangang gerilya. Ang mayorya ng Pulang mandirigma ngayon ay nakatalaga sa mas malawak na saklaw upang makakilos sa mas malaking bilang ng munisipalidad at makapagsagawa ng masikhay na gawaing masa upang mapalawak at makonsolida ang baseng masa. Ang may kalawakang mga erya na pansamantalang nawala ay nirerekober na ngayon at may bagong lugar pang binubuksan bilang pagpapasaklaw ng rebolusyonaryong gawain. Ang kasalukuyang linya ay ang maglunsad ng masinsin at malawakang pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa. Ipinatutupad ng Partido ang minimum na programa sa reporma sa lupa at nagtatayo ng baseng masa sa papalawak na saklaw. Kinokoordina nito ang armadong pakikibakang nakabase sa kanayunan bilang prinsipal na anyo ng pakikibaka, at ang nakabase sa lunsod na ligal na demokratikong kilusang masa bilang segundaryo ngunit mahalaga at kinakailangang anyo ng pakikibaka. Ang organisasyon ng Partido sa lunsod ay determinado ngayong magpadala ng paparaming bilang ng kadre at kasapi ng Partido sa kanayunan.

7. Itaguyod ang rebolusyonaryong linyang makauri sa nagkakaisang prente!

Ang rebolusyonaryong linyang makauri sa nagkakaisang prente ay hindi naiiba sa linyang makauri sa kabuuan ng bagong demokratikong rebolusyon gaya ng dati nang paglilinaw. Maaaring itaguyod ang nagkakaisang prente, mayroon man o wala itong pormang pang-organisasyon. Sa kabutihang palad, ang Partido ay marami nang karanasan sa pagtatayo ng mga pormal na organisasyong pang-nagkakaisang prente sa ligal at ilegal na paraan. May mga alyansang nakabatay sa mga makauri at sektoral na interes o sa ilang mahahalagang isyu sa ligal na kilusang demokratiko. Mula 1973, nariryan na rin ang lihim na Pambansa Demokratikong Prente. Pinakamalahaga sa lahat ng mga alyansa ang saligang alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka. Sa pagtatayo ng alyansang ito, itinataguyod ng Partido ang antipyudal na linyang makauri, kung saan pangunahing inaasahan ng proletaryado ang mga maralita at mababang-panggitnang magsasaka at mga manggagawang bukid,

hinihimok ang iba pang panggitnang magsasaka, ninunyutralisa ang mga mayamang magsasaka, sinasamantala ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga naliliwanagan at imbing panginoong maylupa upang maihiwalay at mawasak ang kapangyarihan ng mga despotikong panginoong maylupa. Mula 1969, ang linyang makauring ito ang sinusunod sa pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan.

Matinding kinokondena at tinutuligsa ng kilusang pagwawasto ang mga pagsisikap ng mga dating "Kaliwa" at Kanang oportunista sa loob ng Partido na ngayo'y lantaran nang mga Kanang kontrarebolusyunaryo upang likidahin ang makauring pamumuno ng proletaryado at wasakin ang saligang alyansa ng proletaryado at uring magsasaka, na siyang pundasyon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente. Pinupuna at itinatakwil ng kilusang pagwawasto ang serye ng mga Kanang oportunistang pagsisikap na likidahin ang namumunong papel ng uring manggagawa sa nagkakaisang prente, simula sa 1980 konsepto ng "talibang prente", tungo sa 1985 at 1987 na kapasyahang itransporma ang NDF sa pagiging isang "pederasyon" o "kumpederasyon", kung saan pinabibitiwan sa Partido ang papel nito bilang sentro ng rebolusyon, hanggang sa 1990 na pagtatangkang maitransporma ang NDF sa pagiging isang litong pederasyon ng mga myembrong-organisasyon at mga indibidwal, kung saan isinusuko ng Partido ang namumunong papel nito sa rebolusyon at ang kasarinlan at inisyatiba nito at ipinaiilalim ang Partido sa isang sistema ng botohan kung saan umiiral na ang tiyak na mayorya ng petiburgis na mga grupo at indibidwal na nagpapataw dito ng burgis na nasyunalismo, pluralismo at mixed economy (haluang ekonomya).

Inilalapat ng kilusang pagwawasto ang paglilinaw ng Partido sa kanya-kanyang papel at wastong mga rela-relasyon ng Partido, Bagong Hukbong Bayan, at Panbansa-Demokratikong Prente sang-ayon sa wastong rebolusyonaryong linyang makauri. Dinidiinan nito ang prinsipyo ng pagpapatupad ng pamumuno ng uring manggagawa sa nagkakaisang prente. Sa ngalan ng proletaryado at buong sambayanan, hawak ng Partido ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at nagkakaisang prente bilang mga sandata ng rebolusyonaryong kilusan. Hawak nito ang kasarinlan at inisyatiba sa anumang tipo ng kaayusan sa nagkakaisang prente at itinataguyod nito ang tuntunin para sa konsensus sa hanay ng mga magkaalyadong organisasyon kapalit ng isang sistema ng botohan kung saan ang mga di-proletaryong grupo ay may sigurado nang mayorya.

8. Sundin ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo!

Ang demokratikong sentralismo ay ang saligang prinsipyong pang-organisasyon ng Partido. Ito ay sentralismong nakabatay sa demokrasya at demokrasyang nakabatay sa sentralisadong pamumuno. Hindi ko na kailangang ulitin rito ang lahat ng mga probisyon ng Saligang Batas ng Partido tungkol sa demokratikong sentralismo. Pero, hayaan ninyong ipunto ko na ang demokratikong sentralismo ay hindi lamang pumapatungkol sa demokratiko at kolektibong proseso ng pagpapasya. Kung gayon lang sana, wala nang pagkakaiba sa pagitan ng Partido at ng isang korporasyong pangnegosyo o pangrelihiyoso. Ang esensya ng sentralismo sa Partido ay ang komitment nito sa mga saligang Marxista-Leninistang prinsipyo at patakaran na malinaw na nakasaad sa Saligang Batas at Programa ng Partido. Ang demokrasya ay ang paraan kung saan ang esensya ng sentralismo ay nakasanib sa kongkretong praktika ng rebolusyon, at kung saan ang diyalektikong relasyon o pakikipag-ugnayan ay nagaganap sa pagitan ng sentral na pamunuan at ng pangkalahatang kasapian ng Partido

sa pamamagitan ng mga halal na kumakatawang organo ng pamunuan.

Tinutuligsa at itinatakwil ng kilusang pagwawasto ang mga kaisipang katulad ng mga sumusunod: na ang pag-aaral sa mga saligang prinsipyo ng Partido ay nangangahulugan ng "pundamentalismo" (anuman ang ibig sabihin nito), na kinakailangang may "demokratikong pluralismo" sa halip na demokratikong sentralismo at ang mga antikomunista ay maaaring maging kasapi ng Partido, na ang pagsusuri sa mga kasapi ng Partido ay isang "inkisisyon", na ang mga paksyon sa Partido, ang mga "kawkus" at "awtonomong mga grupo" nila ay maaaring pahintulutan, na ang mga atakeng publiko laban sa Partido ng mga nagsasabing kasapi daw sila ng Partido ay hindi saklaw ng disiplina ng Partido at ang mga ito'y lehitimo at demokratiko. Mula 1992 at, nauna na, sa mas mababa pang antas, ang mga dating "Kaliwa" at Kanang oportunistang elemento ay nag-engganyo ng ultrademokrasya. Binaka ng Partido kapwa ang burukratismo at ultrademokrasya. Bawat isa nito ay isang maka-isang panig na salot; ang isa ay basta na lang nagdidikta mula sa itaas at ang isa pa ay anarkiya o tiranya ng mga mandurumog. Ang naging mga Kanang kontrarebolusyunaryo ngayon ay siyang mga pinakamasahol na nagsasagawa ng mga ganito sa buong kasaysayan ng Partido.

Sa kilusang pagwawasto, lubos na ipinaliliwanag ng Partido ang kahulugan ng demokratikong sentralismo. Ipinakikita nito kung papaano nagawa ang mga dokumento ng rektipikasyon, kung papaano pinagpasyahan, kung papaano ipinatutupad at kung papaano higit pang pinayayaman ang mga ito. Lahat ng mga nakabababang organo at organisasyon ng Partido ay ineenganyong gumawa ng karagdagan pang mga paglalagom at pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido ay hinihimok na lumahok sa mga pagpapasya at pagpupuna at pagpupuna-sa-sarili. May mga hangganan ang disiplina at sa loob ng mga hangganang ito ay may panloob na demokrasya sa Partido upang sa gayon ay matiyak na ang disiplina ay impormado at naliliwanagan. Dapat laging pinag-uukulan ng pansin ng Partido ang pagkakaisa, pagka-solido at kaligtasan ng Partido bilang isang pangangailangan sa rebolusyonaryong pakikibaka. Sa loob ng Partido may diyalektikong relasyon sa pagitan ng disiplina at kalayaan.

9. Tanawin ang sosyalistang rebolusyon!

Walang saysay ang pagsasagawa ng pambansa-demokratikong rebolusyon ngayon kung walang sosyalistang perspektiba. Unang-una na, hindi maipagtatagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon kung ang mga salik na nagpapahintulot sa sosyalistang rebolusyon ay hindi umiiral sa proseso ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang mga salik para madala ang mamamayan sa yugto ng sosyalistang rebolusyon ay ang makauring pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng Partido, ang hukbong bayan bilang siyang pangunahing sangkap ng kapangyarihang pang-estado sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido, ang makauring diktadura ng proletaryado sa ubod ng demokratikong bayang anyo ng pamahalaan, at ang saligang rebolusyonaryong alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka bilang siyang pundasyon ng nagkakaisang prente. Sa maigsing salita, nasa kamay ng uring manggagawa at ng rebolusyonaryong partido nito ang kapangyarihan para masimulan ang sosyalistang transpormasyon. Sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika sa pambansang saklaw, nakumpleto na sa saligan ang pambansa-demokratikong rebolusyon at masisimulan na ang sosyalistang rebolusyon. Maitatatag ang sosyalistang sektor ng mga empresang pang-estado at mga kooperatiba, kahimat may mga pansamantalang konsesyon sa mga nagbubungkal ng sariling lupa at sa mga petiburgis at

panggitnang burgesya.

Sa harap ng pagbagsak ng mga rebisyunistang namumunong partido at rehimen sa ilang bayan at ang nagpapatuloy na pagkabulok ng mga ito sa iba pang bayan, pinupuna at kinokondena ng kilusang pagwawasto ang modernong rebisyonismo at itinataguyod nito ang sosyalismo. Binabaka nito ang mga opensiba sa ideolohiya at pulitika ng mga imperyalista at ang mga reaksyunaryong maling naglalarawan sa sosyalismo para linlangin ang mamamayan. Sa tanglaw ng teorya ni Mao tungkol sa nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, absolutong kinakailangang pag-aralan ng Partido ang mga proseso at tagumpay ng mga dalawang-yugtong rebolusyon sa kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista, at ang ginawa ng mga modernong rebisyunista na pag-uk-ok at pagbaligtad ng mga ito. Ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong ay nagbibigay sa atin ng batayan at lubos na tiwala para sa pagtatagumpay ng pakikibaka sa monopolyo-kapitalismo at reaksyon, para sa pagkakamit ng sosyalismo at, sa kalaunan, ng komunismo.

Kinakailangan ang pagpapalawig ng teoretikal na pag-aaral na isinulong ng kilusang pagwawasto hanggang sa pag-unawa na ang mga pambansa-demokratiko at sosyalistang rebolusyon ay tiyak na muling dadaluyong, at ang teorya at praktika ni Mao sa nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado ay isang malaking kaban para sa pagkokonsolida ng sosyalismo, pagbaka sa rebisyonismo at pagsagka sa panunumbalik ng kapitalismo sa susunod na panahong ang mga sosyalistang lipunan ay muling maitatatag sa mas malawak na saklaw sa balat ng lupa.

10. Isulong ang rebolusyong Pilipino sa diwa ng proletaryong internasyunalismo!

Ang bagong demokratikong rebolusyon sa Pilipinas ay kasalukuyang nasa unahan ng rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at mamamayan sa daigdig laban sa imperyalismo, makabagong rebisyonismo at reaksyon. Isa ito sa iilan ngayong rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng Marxista-Leninistang partido, may makabuluhang lakas at, higit sa lahat, nagsasagawa ng armadong rebolusyonaryong proseso para sa pagbabagsak ng mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo. Pang-senyal na papel ang ginagampanan ng rebolusyong Pilipino sa pagdadala ng sulo ng armadong rebolusyon habang ang mas malaganap na armadong pagrerebolusyon sa daigdig ay paparating pa lamang. Mulat ang Partido sa kanyang internasyunalistang tungkulin sa pamumuno sa armadong rebolusyon. Dapat itong ipagmalaki. Pero ang ganitong tungkulin ay humihingi ng masikhay na paggawa at ng diwa ng pagpapakasakit at pagpapakumbaba sa harap ng malalaking balakid at lumalaking pagsisikap ng mga imperyalista at reaksyunaryo na tutukan ang rebolusyong Pilipino sa layuning mawasak ito.

Kinokondena at itinatakwil ng kilusang pagwawasto ang kontrarebolusyonaryong linya na ang mamamayang Pilipino ay napapagod na sa kanilang pagtatanggol ng sarili laban sa walang-tigil na karahasan ng mga imperyalista at makauring pang-aapi at pagsasamantala, gayundin ang linya na ang PKP at ang NDF ay dapat sumunod sa uso at sikat ngayon sa mundo, ang kapitulasyon sa kaaway. Bigo sa pagtutulak ng kanilang linya ng pagkukumbina ng adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod at sa pagkakamit ng dayuhang tulong-militar at tulong-pinansyal, ang mga pangunahing "Kaliwang" oportunista ng nakaraan ay naging mga Kanang

kontrarebolusyonaryo na at siyang pinakaaktibo ngayon sa pagkakalat ng nakasusukang linya ng kapitulasyunismo at repormismo. Sila ay kahanay na ngayon ng mga matagal nang pangunahing Kanang oportunista, na matagal nang naglantad ng sarili bilang dati nang mga antikomunista at mayroon lamang pinakakarampot na kaalaman tungkol sa Pulang kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Ang mga Kanang kontrarebolusyonaryong ito ay kumukuha ng pinansya mula sa mga dayuhang ahensyang pampinansya para sa pagkakalat ng linya ng antikomunismo, anti-Stalinismo, repormismo at kapitulasyunismo.

Para sa pinakaepektibong pagpapatupad ng kanyang internasyunalistang tungkulin, ang Partido ay patuloy na nagpapalakas ng sarili, naglulunsad ng pangmatagalang digmang bayan at nagtatatag ng mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa batayang nakatatayo-sa-sarili. Walang paraang maaaring mawasak ng kaaway ang rebolusyonaryong kilusan dahil sa lumalalang krisis ng lokal na naghaharing sistema at ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Kasabay nito, ang Partido ay aktibong nakikipagtulungan sa iba pang mga Marxista-Leninistang partido at pormasyon para sa pagtatatag ng partido sa ibayo para sa pagpapalaganap ng teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, at sa iba pang mga entidad laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon para sa pandaigdigang muling pagpapadaluyong ng kilusang anti-imperyalista at sosyalista.

## Panapos na pananalita

Kinokonsolida ng kilusang pagwawasto ang hanay ng Partido at nililipos ang ubod at kabuuan ng rebolusyonaryong kilusang masa ng pag-iibayo ng rebolusyonaryong kapasyahan at sigla. Lahat ng matatapat na kadre at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas ay nagnanasang maitaas ang antas ng kanilang kamulatan at militansya sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto at rebolusyonaryong pakikibaka, samantalang iilang elemento lang na ayaw magbago ang naglabas ng sarili nila sa Partido upang atakehin ito mula sa labas ayon sa isang tahasang antikomunistang linya.

Makapagtitiwala tayo na ang Partido at ang buong rebolusyonaryong kilusan ay higit pang lalakas bunga nitong ikalawang dakilang kilusang pagwawasto. Hinahangad natin ang pagkakamit ng higit pang papalaking mga tagumpay ng lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido at lahat ng pinamumunuan nilang rebolusyonaryong masa. Araw-araw, lalong lumalala ang krisis kapwa ng lokal na naghaharing sistema at ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Ang obhetibong kalagayan ay paborable para sa pagpapalakas ng mga suhetibong pwersa ng rebolusyong Pilipino at para sa pagbibigay ng mga epektibong dagok sa mga kontrarebolusyunaryo. Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay magkakamit ng higit pang papalaking mga tagumpay.

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

Mabuhay ang proletaryado at ang mamamayan ng Pilipinas!

Mabuhay ang proletaryong internasyunalismo!